

Para sa mga nabakunahan na ng Novel Coronavirus Vaccine






~Pag-ingatan ang inyong pisikal na kondisyon (lalo na ang mga ilang araw pagkatapos magpabakuna) ~

Pagkatapos mabakunahan, **umupo at maghintay sa vaccination center ng mga 15 minuto at tignan kung magbabago ang pakiramdaman.**

Mga sintomas na maaaring lumitaw

Dahil ang mga ginagamit na bakuna sa Japan ngayon ay in-inject sa masel, madalas nagkakaroon ng mahinang side-effect tulad ng pananakit at pamamaga, subalit karaniwan itong nawawala makalipas ang ilang araw. Kung kinakailangan, uminom ng analgesic/pain reliever, at obserbahan kung magkakaroon ng pagbabago. (Ang porsyento ng matinding sintomas na makakahadlang sa pang-araw-araw na buhay ay mababa lamang).

【Paglitaw ng sintomas】

Sintomas					
	Pananakit Pamamaga	Pagtatae	Pananakit ng masel Pananakit ng kasu-kasuan	Pananakit ng ulo	Napapagod Giniginaw Nilalagnat

Ang mga ginagamit na bakuna sa Japan sa ngayon ay kailangang ibakuna ng 2 beses. Ang karamihan sa mga sintomas ay mas madalas lumilitaw sa pangalawang bakuna. Mas marami ring sintomas na lumilitaw sa mga hindi pa matanda kaysa sa mga matatanda. Ang paglabas ng sintomas ay iniisip na resulta ng immune response ng katawan at ebidensya na nagkakaroon ng resistensya ang katawan.

Kapag magpatuloy ang mga sintomas na nasa itaas, o may pagbabago o kakaibang nararamdaman, magkonsulta sa vaccination center o sa iyong doktor, o sa consultation counter ng iyong prefecture. Kapag may matinding sintomas tulad ng matinding sakit, pamamaga, mataas na lagnat, magpatingin sa doctor.

Ang matinding sintomas na maaaring lumitaw

【Paglitaw ng sintomas, kailan lumilitaw】

■ Bagaman bihira lamang, maaaring lumitaw ang mga sintomas sa loob ng 5 minuto, subalit karaniwan ay lumilitaw ito sa loob ng 30 minuto matapos magbabakuna. Hinihinalang ito ay shock o anaphylaxis.

(Insidente ng Anaphylaxis: 11.1 na kaso sa bawat 1 milyon.)



- Pangangati
- Pamamantal
- Batik-batik na pamumula
- Pamumula ng balat atbp.



- Pananakit ng tiyan,
- nasusuka atbp.



- Abnormal na pagbabago sa paningin



- Pamamalat/paos na boses
- Pagbahing
- Pangangati ng lalamunan
- Nahirapan huminga atbp.




- Pamumutla
- Pagkahilo atbp.

Kapag napansin mo na **nagkaroon ka ng alinman sa mga sintomas na ito** habang naghihintay sa vaccination center, **kaagad na ipaalam ito sa mga doktor o nars doon.**

■ Kung saka-sakaling may lumitaw na anuman sa mga sintomas pagktapos mong umuwi mula sa vaccination center, tumawag sa Consultation Center ng Prepektura na bukas nang 24 na oras.

Kapag nagkaroon ng matinding sintomas:

Novel Coronavirus Vaccine Consultation Center ng Osaka Prefecture

 **0570-012-336/06-6635-2047**

24-oras Bukas ng sabado/linggo/holiday ※Japanese lamang



Narito ang Detalye ·
Bagong Impormasyon
(HP ng Osaka)

Gumawa

International Exchange Network Osaka  06-6966-2400

Ang flyer na ito ay inihanda ng International Exchange Association Network Osaka sa kooperasyon ng Saitama Prefecture, bilang proyekto na nagbibigay ng impormasyon sa iba't ibang wika.